


Pagpapanatiling ligtas ka sa center

MULA SA COVID-19 (CORONAVIRUS) NG MARSO 14, 2020

Bahagi ka ng pamilya ng DaVita. Ang kaligtasan mo ay ang pangunahin naming prayoridad.

Mga hakbang na ginagawa ng DaVita para panatiliin kayong ligtas sa panahong ito:

- Naghahanda ang DaVita para sa COVID-19 (Coronavirus) mula noong Enero. Araw-araw ay kaugnay namin ang Centers for Disease Control (CDC) at mga ibang eksperto para masiguro na kumikilos kami ayon sa pinakabagong impormasyon.
- Ang mga teammate ng DaVita ay mga sinanay na eksperto sa pagkontrol ng impeksiyon. Kasama dito kung kailan magsusuot ng pamproteksiyong kagamitan tulad ng mga guwantes at mask, kailan maghuhugas ng kamay, paano lilinis ang site ng access ng pasyente at paano isa-sanitize ang lugar ng paggamot sa pagitan ng mga pasyente.
- Hindi namin pinipigilan ang sinumang indibiduwal na hindi mahalaga sa diyalisis na pag-aalaga na pumunta sa mga sentro namin. Kasama dito ang mga miyembro ng pamilya.
- Batay sa mga inaatas ng CDC, sinasala namin ang bawat tao (mga teammate, pasyente, bisita) para sa posibleng sintomas bago sila pumasok sa palapag ng paggamot.
- Ang mga pasyenteng nakatutugon sa ilang gabay sa pagsasala ay papupuntahin sa lokal na ospital o ida-diyalisis nang malayo sa mga ibang pasyente, ayon sa rekomendasyon ng CDC.
- Ang mga miyembro ng pangangalaga ng DaVita na may mga sintomas at potensiyal na pagkalantad ay hindi papayagang magtrabaho. Makakabalik lang siya kapag wala na silang sintomas ng 72 oras.
- Pansamantala naming hindi tinatanggap ang mga bumibisitang pasyente mula sa mga ibang bansa. Sinasala din ng DaVita Guest Services ang lahat ng mga bagong pasyente.
- Paano naman ang mga mask? Gagabayan ka ng mga teammate mo kung kailan gagamit ng mga mask.



Kausapin ang Administrador ng Pasilidad niyo kung mayroon kayong anumang katanungan o inaalala.

Ano ang maaari niyong gawin para manatiling ligtas

MULA SA COVID-19 (CORONAVIRUS) NG MARSO 14, 2020

Gawin ang mga bagay na ito para manatiling ligtas hangga't posible

- Patuloy na pumunta sa dialysis center para sa mga paggamot mo.
- Iwasan ang malapitang kontak sa mga taong may sakit at **iwasan ang madaming tao** hangga't maaari. **Magsagawa ng social distancing.**
- Iwasang hipuin ang mga mata mo, ilong at bibig gamit ang mga kamay na hindi nahugasan.
- Iwasang hipuin ang pagkain at kumain na hindi nahugasan ang mga kamay.
- Takpan ang ubo mo gamit ang iyong siko o braso, hindi mga kamay mo.
- **Mas madalas** hugasan ang iyong mga kamay, lalo na matapos pumunta sa mga pampublikong lugar o malagay sa malapitang kontak sa mga tao. Gumamit ng sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo. O, gumamit ng alcohol-based na hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alcohol.
- Magtabi ng sapat na gamit sa bahay at grocery para maging handang manatili sa bahay sa panahon ng oras. Tanungin ang iyong klinika ng diyalisis tungkol sa pang-emerhensiyang diyalisis na diyeta. Pumunta sa link na ito para sa higit pang impormasyon sa mga kailangang supply:
<https://www.davita.com/education/ckd-life/emergency-preparedness-for-peoplewith-kidney-disease>
- Iwasan ang pagbibiyaha ay malalaking salu-salo hangga't maaarri.



Ipaalam sa amin kung hindi mabuti ang inyong pakiramdam, mayroon kayong lagnat o parang trangkasong sintomas.


Nakikipagtulungan kami sa lahat ng center namin sa buong mundo para panatiliin ligtas ang mga teammate at pasyente. Salamat sa pagtitiwala sa amin!

COVID-19 (Coronavirus)

ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN MULA MARSO 14, 2020

Ano ang coronavirus?

Ang mga coronavirus ay isang pangkat ng mga virus. Ang kamakailang pagkalat ay mula sa bagong coronavirus (tinatawag na COVID-19) na hindi pa nakita sa mga tao bago ang Disyembre 2019. Ibang klase ng virus ito kaysa sa mga nagdudulot ng lagnat o karaniwang sipon, pero ang mga sintomas na dulot nito ay halos magkapareho.



Sino ang maaaring magkaroon ng COVID-19?


Maaaring makaapekto ang virus sa mga taong anuman ang edad. Subalit, ang pinakamalaking peligro ng impeksiyon ay para sa mga matatanda at may sakit na pasyente. Kasama dito ang mga taong may late-stage na sakit sa kidney.

Paano ito kumakalat?

1: Person-to-person. Ang virus ay naiisip na pinakakaraniwang kumakalat nang person-to-person. Maaari itong mangyari nang ganito:

- Ang walang impeksiyong tao ay lumapit sa taong may impeksiyon ng coronavirus (sa loob ng 6 na talampakan).
- Ang naimpeksiyong tao ay umuubo o bumabahing, pinadadala sa hangin ang mga mikrobyo ng coronavirus. Ang mga mikrobyo ay dadapo sa bibig, ilong o baga ng hindi naimpeksiyong tao.

2: Surface-to-person: Posible din na ang mga mikrobyong coronavirus ay mapunta sa surface, tulad ng doorknob o cellphone. Ang walang impeksiyong tao ay maaaring makakuha ng mikrobyo sa kamay nila sa paghipo ng surface. Pagkatapos ay hihipuin nila ang kanilang bibig o ilong at ang mikrobyo ay papasok sa katawan.



Ano ang mga sintomas?

Ang mga pasyenteng may COVID-19 ay nakaranas ng banayad hanggang malalang sakit sa respiratoryo. Sa kasamaang palad, maaaring kumplikado ito at nakamamatay sa ilang tao. Hanapin ang mga BAGONG sintomas na ito at ihambing sila sa normal mong nararamdaman:



Karaniwan

- lagnat
- tuyong ubo
- kakapusan ng paghinga

Minsan

- masakit na ulo
- masakit na lalamunan
- kapaguran

Bihira

- tumutulong ilong
- pagtatae

Karaniwang inaabot ng mga 5 araw para makakita ng mga sintomas matapos maimpeksiyon. Subalit, maaaring abutin ng hanggang 14 na araw o mas matagal sa ilang kaso.

Paano kung may sintomas ako?

- Tawagan agad ang mga doktor mo at sabihin sa kanila na may sintomas ka ng COVID-19. Sundin ang tagubilin nila. Sabihin sa kanila na pasyente ka ng diyalisis. Maaaring papuntahin ka sa center ng pagsusuri para sa COVID-19.
- Tawagan agad ang iyong center ng diyalisis matapos ang doktor mo. Magbibigay kami ng mga tagubilin para makuha mo ang tamang diyalisis na paggamot.
- Malibansa mga diyalisis na paggamot, manatili sa bahay maliban kung iba ang sinabi ng iyong center ng diyalisis o doktor. Gusto mong iwasang makakontak ng ibang tao at ikalat ang sakit.

Manatiling up-to-date

Tawagan ang iyong DaVita center:

para sa mga tanong tungkol sa iyong personal na kalusugan at mga lokal na update

Centers for Disease Control:

www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prepare/prevention.html

Website ng DaVita:

DaVita.com/covid-19-information